

PANIMULA

Malaki ang bahaging ginagampanan ng NARTDI para sa pag-unlad at pagpapalawak sa teknolohiya o industriya ng pagpupukyutan sa bansa.

Pinag-aaralan at tinitiyak sa NARTDI demonstration apiary ang mga dayuhang teknolohiya at iniaayon ang mga ito sa lokal na kalagayan ng pagpupukyutan sa bansa at lumilikha ng iba pang makabagong kasanayan at teknolohiya tungkol sa pukyutan. Ang mga kasanayan at teknolohiyang ito ay ibinabahagi sa mga lugar kung saan inilunsad ang pagpupukyutan at sa mga satellite centers bilang tugon sa mga pangangailangan ng mga tagapag-alaga. Kasabay nito ay ang walang humpay na tulong-teknikal na isinasagawa ng NARTDI.

Isang bahagi ng tulong-teknikal ay ang Bee Health Development o ang programang naglalayon na mapanatili ang mabuting kalagayan ng mga alagang pukyutan sa pamamagitan ng patuloy na pagmamasid at pag-aaral sa kalagayan pangkalusugan ng mga kolonya.

At upang mapanatili ang tuloy-tuloy na pag-angat at pagdami ng mga kolonya ay kinakailangan ang patuloy na paggawa ng mga reynang pukyutan o ang tinatawag na queen production.

MGA BUMUBUO SA PROYEKTONG PAGPUPUKYUTAN

A. NARTDI Demonstration Apiary

Layunin

- ⇒ Paunlarin ang demo-apiary para sa pagsasagawa at pagbabahagi ng iba't-ibang teknolohiya at kasanayan sa Pagpupukyutan at maglaan ng mga kolonya para sa pananaliksik at gawaing ekstensiyon ng NARTDI.

Pamamaraan

- ⇒ Pagsasaayos sa mga gawain sa apiary
- ⇒ Pagpapalakas at pagpapalago sa mga kolonya sa demo-apiary
- ⇒ Pagtiyak at pagpapabago sa mga teknolohiya at kasanayan
- ⇒ Pagbabahagi ng mga makabagong kasanayan at teknolohiya sa mga komunidad
- ⇒ Tulong-teknikal

Resulta

- ⇒ Napaunlad at napabuti ang demo-apiary para sa paglikha at pagbabahagi ng mga makabagong kasanayan at teknolohiya sa mga nag-aalaga ng pukyutan at nakapaglaan ng mga kolonya para sa iba't-ibang gawain ng NARTDI sa pananaliksik at ekstensiyon.

B. Paglunsad ng Pagpupukyutan sa iba't-ibang komunidad

Layunin

- ⇒ Magtatag ng mga komunidad para sa pag-aalaga ng pukyutan

Pamamaraan

- ⇒ Pagpapamalas ng pagsasanay tungkol sa pag-aalaga ng pukyutan
- ⇒ Pagkukop ng mga pangangailangan tulad ng kolonya at iba pang kailanganing materyal sa pagpupukyutan
- ⇒ Pagbubuo ng komunidad para sa pag-aalaga ng pukyutan
- ⇒ Patuloy na pagbabahagi ng kaalaman sa pagpupukyutan.

Resulta

- ⇒ Nakapagtatag ng mga komunidad na katuwang ng NARTDI sa pagpapasimuno ng pagpupukyutan sa bansa.

K. Programang Pangkalusugan para sa mga kolonya ng Pukyutan

Layunin

- ⇒ Maglunsad ng angkop na program sa pagpuksa ng mga peste at sakit ng mga pukyutan na ipapamahagi sa mga tagapag-alaga at sa mga satellite centers.

Pamamaraan

- ⇒ Pakikipag-ugnayan sa mga kasamang institusyon ng NARTDI at mga tagapag-alaga
- ⇒ Pagsasagawa ng inspeksiyon sa mga peste at sakit ng kolonya
- ⇒ Pagsasagawa ng malawakang pagpuksa o paggamot sa anumang makitang peste o sakit sa mga kolonya

Resulta

- ⇒ Nakapaglunsad ng angkop na programang pangkalusugan ng mga kolonya para sa kapakanan ng mga tagapag-alaga at mga satellite centers.

D. Paggawa ng Reynang Pukyutan

Layunin

- ⇒ Gumawa ng reynang pukyutan na may magandang katangian para sa pag-unlad at pagpapalawak ng pagpupukyutan

Pamamaraan

- Pagtasa sa kalagayan ng mga kolonya para sa paggawa ng reynang pukyutan
- Paggawa ng reynang pukyutan
 - ⇒ Pagpili at paghanda ng palahiing kolonya (breeder colony)
 - ⇒ Paghanda ng kolonyang gagawa ng reyna (cell builder colony)
 - ⇒ Paghanda ng artipisyal na selda para sa paggawa ng reyna (queen cell cup)
 - ⇒ Paglilipat ng uod (larvae) na gagawing reyna sa mga selda o “grafting”
 - ⇒ Pagsisiyasat sa mga natanggap na uod na magiging reyna
 - ⇒ Paghahanda ng pamisaang kolonya (mating nuc colonies)
 - ⇒ Paglalagay ng mga malapit nang lalabas na reyna sa mga kolonya
 - ⇒ Pagtala sa mga mapisang birheng reyna
 - ⇒ Pagsisiyasat sa mga bagong kastang reyna (mated queen)
 - ⇒ Pagpili ng bagong kastang reyna na may magandang katangian

Resulta

- ⇒ Nakagawa ng reynang pukyutan na ipapamahagi sa mga nangangailangang tagapag-alaga para sa pag-unlad ng pagpupukyutan

KABUUNANG RESULTA

- ⇒ Nakatulong sa pagtaas ng produksiyon sa halamanan sa pamamagitan ng polinasyon
- ⇒ Dumami ang produksyon ng mga produkto mula sa pukyutan dahil sa pagtaas ng bilang ng mga kolonya
- ⇒ Nakapagbigay ng karagdagan kita ng mga mamamayang nag-alaga ng pukyutan sa kabuuang halaga na P2,807,500.00 mula sa 981 na kolonya
- ⇒ Nakapagbigay ng trabaho sa humigit kumulang na siyamnapu't siyam (99) na katao

Para sa karagdagan impormasyon, makipanayam sa:

THE DIRECTOR

National Apiculture Research Training and Development Institute (NARTDI)
Don Mariano Marcos Memorial State University
Sapilang, Bacnotan, 2515 La Union
E-mail: nartdi_dmmmsu@yahoo.com
Telefax: 072-242-1117 local 250



Don Mariano Marcos Memorial State University
National Apiculture Research, Training
and Development Institute
Bacnotan, La Union

KARAGDAGANG KABUHAYAN SA PAGPUPUKYUTAN



Demonstration Apiary



Beekeeping Communities



Bee Health Development



Queen Production